# MGA PAMANTAYAN SA PAGGAWA NG CHICAGO

**KUNG NAGTATRABAHO KA NANG HINDI BABABA SA 2 ORAS SA ANUMANG 2 LINGGONG PANAHON PARA SA ISANG EMPLOYER SA CHICAGO, SAKOP KA NG ORDINANSA LABAN SA PAGHIHIGANTI**

## LABAN SA PAGHIHIGANTI

**PINOPROTEKTAHAN ANG MGA EMPLEYADO MULA SA PAGHIHIGANTING MAY KAUGNAYAN SA COVID-19**

**Ang Ordinansa Laban sa Paghihiganti** ay nagbabawal sa mga Employer sa paggawa ng mga salungat na pagkilos laban sa mga Sakop na Empleyado dahil sa pagsunod sa utos na quarantine, utos na isolation, o utos mula sa mga pampublikong awtoridad na may kinalaman sa COVID-19, **at dahil sa pag-aalaga ng isang taong napapailalim sa isang naturang utos**

Ipinatutupad ang Ordinansa Laban sa Paghihiganti sa **limang uri ng kautusan**

| # | Kautusan | Inisyu ng | Halimbawa |
|---|---|---|---|
| 1 | Manatili sa bahay para **mabawasan ang transmisyon** ng COVID-19 | Ang Mayor, ang Gobernador, o ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Chicago | Ikaw ay isang hindi kinakailangang empleyado at may umiiral na utos na manatili sa bahay; o iniaatas ng isang pang-emergency na kautusan sa pagbibiyahe na manatili ka sa bahay pagkabalik galing sa labas ng estado |
| 2 | Manatili sa bahay habang **nakararanas ng mga sintomas ng COVID-19 o may sakit na COVID-19** | Gumagamot na tagapaglaan ng pangangalagang pangkalusugan | Sinasabihan ka ng isang doktor na manatili sa bahay dahil mayroon kang mga sintomas ng COVID-19, tulad ng lagnat |
| 3 | Sundin ang isang **utos na quarantine** na inisyu sa Sakop na Empleyado | Gumagamot na tagapaglaan ng pangangalagang pangkalusugan | Sinasabihan ka ng isang doktor na manatili sa bahay sa loob ng isang yugto ng panahon dahil baka na-expose ka sa COVID-19 |
| 4 | Sundin ang isang **utos na isolation** na inisyu sa Sakop na Empleyado | Gumagamot na tagapaglaan ng pangangalagang pangkalusugan | Sinasabihan ka ng isang doktor na manatili sa bahay dahil ikaw ay may sakit o baka may sakit na COVID-19 |
| 5 | Sundin ang isang utos na inisyu ng Komisyoner ng Kalusugan patungkol sa **mga tungkulin ng mga ospital at iba pang congregate na pasilidad** | Komisyoner ng Kalusugan | Nagtatrabaho ka sa isang ospital, nursing home, o iba pang congregate na pasilidad, at hindi sumusunod ang iyong Employer sa isang utos na magpatupad ng ilang partikular na hakbang sa pampublikong kalusugan |

## MAGHAIN NG REKLAMO

**Tumawag sa 311, gamitin ang CHI 311 app, o maghain ng Form ng Reklamo sa www.chicago.gov/laborstandards**

BACP
Business Affairs and Consumer Protection

Para sa karagdagang detalye, bisitahin ang www.chicago.gov/laborstandards o makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Pamantayan sa Paggawa (Office of Labor Standards) sa bacplaborstandards@cityofchicago.org o sa 312-744-2211. Huling na-update noong Hulyo 7, 2020